

1

“O kumusta naman ang buhay may-asawa? Masaya ba?” tanong ni Megan sa kaibigang si Weng nang bisitahin niya ito sa ospital na pinagtatrabahuhan. Nagyaya itong kumain pagkatapos ng break niya.

Magkaklase sila noon sa nursing school, subalit hindi na nagawang makapagtapos ni Weng dahil nakipagtanan ito sa nobyong si Paulo bago pa man dumating ang last semester ng fourth year. Ngayong graduate na ang twenty-three year old na si Megan delos Santos, nasa ika-anim na buwan ng pagbubuntis naman nito ang kasing-edad ring kaibigan.

“Hay naku mas lamang pa ’yung hirap kesa sa sarap! Sa totoo lang kung minsan hindi ko maiwasang makaramdam ng pagsisisi. Kung hindi kami masyadong nagmadali ni Paulo at tinapos ko ’yung course natin, siguro mas madali ang buhay ko ngayon. Pero ganito talaga ang buhay eh, nasa huli ang pagsisisi.” Nagkibit-balikat ito bago nginuya ang inorder na pansit bihon.

“Huwag ka na lang mag-dwell sa mga negative,

wala ka na rin namang magagawa. Nand'yan na 'yan eh. Basta tigilan mo na lang ang kakaisip ng kung anu-ano, baka makaapekto pa 'yan sa baby mo," aniya habang tinatangal ang balat ng siopao na inorder.

"Eh, ikaw naman kumusta ka na? Nakapag-enroll ka na ba sa review center? Ilang buwan na lang board exam mo na ah."

"Mukhang imposible nang makapag-enroll pa ako sa review center. Gipit kasi ako ngayon, eh. 'Yung landlady sa dorm binigyan na ako ng ultimatum na kapag hindi daw ako nakapagbayad ngayong buwan, palalayasin niya na ako," lulugo-lugong paglalahad niya. "Kaya siguro magre-review na lang ako sa sarili ko habang isinasabay ang pagtatrabaho."

"Hindi ba mahirap 'yon, ang pagsabayin ang pagtatrabaho at pagre-review mo for the board?" nag-aalalang tanong ni Weng na hindi lubos maisip kung paano magagawa ng kaibigan ang dalawang bagay na iyon.

"Mahirap pero wala naman akong choice, eh. Kailangan kong magtrabaho para mabuhay." Magbuhat nang mamatay ang ina ni Megan dahil sa atake sa puso a few weeks bago siya

magtapos sa kolehiyo ay naging mahirap na ang buhay para sa dalaga na pinasok na ang kung anu-anong raket. “Kaya kung may alam ka namang mapapasukan ko d’yan ha, sabihin mo lang sa akin.”

“I think mayroon na akong trabaho para sa ’yo!” banggit ng kausap na biglang nagningning ang mga mata. “Bakit hindi kaya ikaw muna ang pansamantalang pumalit sa akin sa trabaho ko habang nasa maternity leave ako? Madali lang ang trabaho ko bilang sekretarya ni Doc. Tatanggap ka lang ng mga calls, mag-i-schedule ng appointments sa kanya ng mga pasyente, mag-o-organize ka ng mga files, vital signs. Hindi naman masyadong demanding kaya maisisingit mo pa rin ang pagre-review habang nasa trabaho ka...”

Nabuhayan ng loob si Megan sa balita. “Eh, ang amo mo? Mabait ba? Hindi ba masungit?”

“Naku, mabait si Dr. Marquez, madaling kausap kaya wala kang magiging problema sa matandang ’yon,” panigurado nito.

As they hurried off to finish their food ay halos hindi na malasahan ni Megan ang kanyang siopao dahil sa adrenaline rush na

idinulot ng napipinto niyang pagkakaroon ng trabaho. Matapos ang mahabang panahon ng paghihikahos ay nakikita niyang sumisilip nang muli ang liwanag sa kanyang buhay.

“Doc, may nahanap na po akong temporary replacement ko,” ang magiliw na balita ni Weng sa amo nang kanilang puntahan ni Megan matapos nilang kumain sa cafeteria.

“Sino siya?” tanong nito na pansamantalang itinigil ang pagbabasa ng makapal na medical book at ibinigay ang buong atensyon sa sekretarya.

“Si Megan delos Santos, dati po kaming magkaklase sa nursing school. Kaka-graduate niya lang po last March and she’s one of the top students in our class.”

Binida pa siya ni Weng at mukhang nakumbinse naman ang doktor.

“Ganoon ba? Pero paano ang board exams mo, hindi ka ba magte-take?” ang concerned na tanong nito na obviously ay malaki ang pagpapahalaga sa edukasyon at propesyon.

“Magte-take pa rin po ako, magre-review po

ako pagkatapos po ng trabaho ko,” paglalahad niya.

Marami pang sinabi si Weng lalo na ang kanyang buhay at ang amang di na nakagisnan habang lumalaki siya kaya naman...

“Ah, ganoon ba,” nasabi ng doktor, “okay sige, Weng, ituro mo na sa kanya ang magiging mga trabaho niya rito...” utos nito sa sekretarya.

“Naku maraming, maraming salamat po sa pagtanggap n’yo sa akin, Doc. Tatanawin ko pong isang malaking utang na loob ito sa inyo,” maluha-luhang ani Megan.

“Doc, hindi po talaga kayo magsisisi sa pagha-hire dito kay Megan,” pag-assure ni Weng bago nila tuluyang lisanin ang silid ng amo.

“Totoo nga ang sinabi mo, madali ngang kausap si Dr. Marquez,” hindi pa rin makapaniwalang sabi ni Megan habang dinadala siya ng kaibigan sa kanyang magiging mesa sa reception area.

“At hindi lang ’yan madaling kausap, maganda rin ’yan magpasuweldo. Hindi katulad ng mga ibang doktor dito, kuripot!”

“Hindi ko talaga alam kung papaano kita

mapasalamatan, napakalaking tulong nitong ginawa mo sa akin.”

“Basta ikaw ang magiging ninang nitong baby ko ha,” anito.

“Yon lang pala, eh, walang problema,” panigurado ni Megan habang hinihimas ang tiyan ni Weng.

Habang ipinagpapatuloy ng dalawa ang orientation ni Megan sa kanyang workplace ay hindi matapos ang kanyang pagpapasalamat sa Diyos dahil ganap na ngayong solved ang kanyang problema. Hindi magtatagal ay mababayaran na rin niya ang kanyang kasera at mayroon na siyang magagastos para sa pang-araw-araw na pangangailangan.

Ang buong akala ni Megan ay maayos na ang lahat sa kanyang buhay. Subalit pag-uwi niya sa dorm na tinutuluyan ay mayroon na namang isang problemang tumambad sa kanya.

“Misis, bakit ho nasa labas ng pintuan ang mga gamit ko?” tanong niya sa matabang landlady na nasa mahigit kuwarenta na ang edad na hindi na nakita ni Megan na walang

laman ang bibig.

“Ah, ipinalabas ko na. Mayroon kasing naghahanap kanina ng matutuluyan. Dahil hindi ka naman makabayad sa akin, ibinigay ko na lang ang slot mo sa kanya,” tugon nito sa gitna ng nakakamay pa nitong pagsubo ng kanin at ulam na chicharon sa kusina.

“Pero hindi ho ba isang buwan ang ibinigay n’yong palugit sa akin? Wala pa nga hong isang linggo ngayon eh,” giit niya.

“Aba kung hihintayin ko pang makabayad ka, eh, paano naman ako? Kailangan ko rin ng pera, napakahirap na ng buhay ngayon. Isa pa, sapat na naman siguro ’yung mga palugit na ibinigay ko sa ’yo noon sa tuwing mangangako kang makakapagbayad pero parati namang nahuhuli!” balik nito na tumatalsik ang kanin sa tuwing magsasalita.

“Pero nakahanap na po ako ng trabaho, makakapagbayad na po ako ng regular sa inyo ngayon,” aniya na unti-unti nang nakakaramdam ng pangambang wala na siyang matutuluyan.

“Tama na, Megan, mabuti pang maghanap

ka na lang ng ibang matitirhan mo. Sawang-sawa na akong pakingsan 'yang mga pangako mo. Wala na akong pakialam kung hindi mo na mabayaran ang utang mo sa 'kin, umalis ka na lang dito sa dorm ko, utang na loob!”

Dahil labis nang nasasaktan ang pride ay nagpasya si Megan na tigilan na rin ang pagpupumilit sa kanyang kasera. “Huwag po kayong mag-alala, hindi po ako ang tipo na nakakalimot sa mga pagkakautang ko. Makakaasa po kayong babalik ako rito sa katapusan para ibigay ang bayad ko sa inyo,” ang mariin niyang binitiwang bago tuluyang tinungo ang dating silid upang kuhanin ang mga nakaempakeng bag sa hallway.

Habang siya ay naglalakad palabas ng dorm ay doon na siya binalot ng pagkaawa sa sarili at pag-aalala kung saan na siya tutuloy ngayon. Walang pera, walang bahay, pilit nilalabanan ni Megan ang luhang nagbabadyang umagos habang naglalakad na hindi nalalaman kung saan siya tutungo.

“Naku, Megan, pagpasensyahan mo na at maliit lang itong bahay namin. Kung meron lang

sana kaming ekstrang kuwarto, doon ka namin patutulugin,” saad ni Weng habang inilalatag ang manipis na kutson na tutulugan niya sa sala ng one bedroom house na pinagsasaluhan nito at ng asawa.

“Naku, ikaw nga ang dapat magpasensya at napakalaking istorbo ko sa inyo ni Paulo,” balik ni Megan na siyang nahihya sa kaibigan. Dahil lahat ng mga kamag-anak ay nasa Davao, wala siyang ibang matakbuhan kundi ito. “Napakarami ko nang utang sa ’yo,” ang hindi naiwasang dagdag niya habang kinukuha rito ang pag-aayos ng kanyang tutulugan.

“Huwag mo nang isipin ’yon. At saka bakit pa tayo naging magkaibigan kung hindi lang rin tayo magtutulungan, diba?” ani Weng habang papaupo sa simpleng sala set nito na gawa sa rattan.

“Sigurado ka bang okay lang ito sa asawa mo?” nag-aalala niyang tanong.

“Huwag kang mag-alala, mabait at matulunging tao si Paulo, iyon nga siguro ang mga katangian niyang nakapagpa-fall sa akin eh,” sabi ni Weng. “Alam mo, ngayon ko naisip na kahit mahirap ang buhay namin, masuwerte

pa rin pala talaga ako sa asawa ko dahil nakikita kong nagsisikap talaga siya para mabigyan niya kami ng magiging anak niya ng magandang buhay.” Hinimas nito ang tiyan. “Ikaw ba hindi mo ba naiisip mag-boyfriend? Sayang naman kasi ang beauty mo kung mananatili ka pa ring single hanggang ngayon.”

“Sa dami ba naman ng intindihin ko ngayon sa buhay ko, magagawa ko pa bang isingit ang lovelife ko?” ani Megan habang isinasapin ang kobre kama sa kutson.

“Bakit naman hindi? Ika nga nila, if there’s a will there’s a way,” giit ni Weng. “Pero mukha namang magiging promising na ang lovelife mo ngayon dahil magtatrabaho ka na sa clinic. Maraming mga guwapong intern at residente doon. Pupusta ako hindi lilipas ang isang buwan magkaka-lovelife ka doon!”

Mga estudyante pa lamang sila noon at nagdu-duty sa ospital ay pansinin na talaga si Megan ng mga doktor at kahit ng mga pasyente. Palibhasa maganda at maamo ang mukha. She has that kind of beauty that makes anyone stop and take notice.

“Mahirap ma-involve sa kahit sino man at

this point. As much as possible, gusto ko lang sanang mag-focus sa goal kong makapasa sa board exam at makakuha ng trabaho sa Amerika,” pahayag niya.

“Oo nga pala, noon pa man pangarap mo na ang makarating doon.”

“Naniniwala akong doon ko makakamit ang kaginhawaan ng buhay na hindi ko naranasan dito sa Pilipinas. At saka isa pa, gusto ko kasing makita ang papa ko kaya hindi na ako makapaghintay na makarating ng Amerika,” pagtatapat niya.

“Don’t worry, alam ng Diyos kung gaano mo ibinibigay ang best mo para matupad ang panangarap mong ’yan. Siguradong hinding-hindi ka niya pababayaang.”

2

Sa unang araw ng trabaho ni Megan sa clinic, umaga pa lang ay halos walang humpay na ang pag-ring ng telepono mula sa mga pasyenteng nais magpakonsulta sa among doktor.

“Okay po, Ma’am, Dr. Marquez will see you tomorrow at ten a.m...” bitiw niya habang isinusulat ang pangalan ng pasyente.

Hindi lamang mga tawag ang nagdagsaan kundi pati na rin ang mga pasyenteng pawang may mga appointment rin sa doktor.

“Matagal pa bakasi kanina pa ako naghihintay?” tanong ng isang matandang babaeng pasyente na sadyang mainipin.

“Malapit na po, kayo na po ang susunod pagkatapos ng pasyenteng nasa loob ng room ni Doc,” pag-i-inform niya. “Kuhanin ko na lang po muna ang BP n’yo.” Tumayo siya at sinabi ang resulta sa pasyente.

“Mataas ba ’yon, hija?” ang biglang nag-alalang tanong nito.

“Medyo mataas po, ano po ba ang normal n’yong BP?” tanong niya habang inililista sa

papel ang nakuhang blood pressure sa pasyente.

“Kadalasan, 120/80 ako eh,” tugon nito.

“Ano po ba’ng nararamdaman ninyo ngayon? Nahihilo po ba kayo? Sumasakit ang batok?” dagdag pa niyang tanong.

“Medyo nahihilo nga ako at kung minsan nararamdaman kong sumasakit ang batok ko, parang nangangapal...”

“Pakisabi din po kay Doc ang mga nararamdaman niyong ’yan, tapos pakibigay na rin po ito sa kanya.” Iniabot niya rito ang papel kung saan nakasulat ang blood pressure nito.

Tatawagin na sana ni Megan ang susunod na pasyenteng kukuhanan rin ng BP nang biglang mapadako ang kanyang paningin sa direksyon ng pintuan kung saan ay pumapasok ang isang matangkad na lalaki na siyang nakatitig sa kanya.

“Who are you?” tanong nito habang isinusuot ang puting coat kung saan ay nabasa ni Megan ang pangalang, L.VILLARAMA, M.D.

Hmm... ito siguro ’yung isa sa mga resident doctors na sinasabi ni Weng sa akin, isip niya

sa guwapong chinitong doktor na sa tingin niya ay may hawig sa mga Koreanong artista. “I’m... Megan delos Santos po, ang bago pong sekretarya ni Dr. Marquez.”

“Bakit, nasaan si Weng?” tanong nito na pansamantalang huminto sa harap ng kanyang mesa at inaayos ang kuwelyo ng suot nitong blue long-sleeved polo sa ilalim ng ipinatong na coat.

“Ah... eh... nag-maternity leave na po siya.”

Mas nakaramdam pa ng kaba si Megan sa pagharap sa doktor kaysa kay Dr. Marquez dahil sadyang napakalakas ng presensya ng residente. Sa tingin niya ay ito ang tipo na suplado at nangmamata ng mga tao.

“Maternity leave? Hindi pa naman ganoon kalaki ang tiyan niya, ah,” komento nito sabay naghandang pumasok sa isa pang maliit na silid sa tabi ng kay Dr. Marquez. “Papasukin mo na sa akin ’yung susunod,” utos nito.

“Sige po, Ma’am, pasok na po kayo rito,” pagdadala niya sa pasyenteng kinuhanan kanina ng BP sa kuwartong kinalulugaran ng residente.

“Naku, hija, mas lalo yatang tumataas ang presyon ko ngayon, ang guwapo ng doktor na ito!” bulong sa kanya ng matanda bago pa man tuluyang pumasok ng silid.

Dahil sa pagkakasunod-sunod muli ng mga tawag na natanggap ay hindi na nagawa pa ni Megan na makuha ang blood pressure ng mga sumunod na pasyente na naging dahilan ng paglabas ng residente mula sa silid nito.

“Miss?”

“Megan po,” tugon niya.

“Okay, Megan, puwede ba pakikuha mo naman ‘yung mga BP ng pasyente para maging mas mabilis ang flow natin? Lalo kasi tayong tumatagal eh,” reklamo nito nang tayuan siya sa tapat ng kanyang mesa.

“P-pasensya na po Sir, kinukuha ko naman po talaga ang mga BP nila kaso nagkasunod-sunod lang po ‘yung mga tawag kaya hindi ko na po naasikaso,” paliwanag niya na hindi maiwasang makaramdam na naman ng kaba.

“Well, find a way to manage everything. Nagagawa naman ni Weng ‘yan noon kahit pa dobleng dami ang mga pasyenteng naririto.”

“P-pasensya na po talaga,” pagpapakumbaba niya kahit na sa totoo ay isinusumpa na niya ito. Akala mo kung sinong makaasta, daig pa si Dr. Marquez!

Pagbalik sa mga pasyenteng naroroon ay hindi niya maiwasang makaramdam ng pagkapahiya lalo na at nasaksihan ng mga ito ang panenermong ginawa ng residente.

“Sayang siya, hija, ’no, guwapo pa naman kaso saksakan ng suplado. Kahit noon pa man ganyan na talaga ’yan, eh, napakatipid magsalita, napakatipid ngumiti. Walang kakari-karinyo sa mga pasyente, hindi tulad ni Dr. Marquez!” bulong sa kanya ng isang middle-aged woman na sinisimulan niyang kuhanan ngayon ng BP.

“Ah ganoon po ba, masuwerte po kayo at hindi kayo sa kanya matatapat, kay Dr. Marquez po kayo,” ang nakangiting ipinaalam niya rito habang iniaabot ang papel na pinagsulatan niya ng BP nito.

“Pero alam mo, hija, bagay kayong dalawa, in fact magkahawig nga kayo eh. You know what they say kapag magkamukha? Nagkakatuluyan! Malay mo ikaw na ang makapagpapalabas ng

ngiti sa mukha ng supladong doktor na 'yan..."

Kung ganyan rin lang ang ugali ng lalaking makakatuluyan ko, hindi baleng maging matandang dalaga na lang ako!

"Bakit hindi mo naman sinabi sa akin ang tungkol sa saksakan ng suplado at antipatikong Dr. Villarama na 'yon?" tanong kaagad ni Megan nang pagbuksan siya ng kaibigan ng pinto noong gabing umuwi siya sa bahay nito.

"So, nag-meet na pala kayo ni Dr. Lucas "Cutie" Villarama!" kinikilig na sabi ni Weng. "Pasensya na at hindi ko na nabanggit sa 'yo. Gusto ko kasing masorpresa ka, eh."

"Well, nasorpresa nga ako. Bigla na lang siyang tumambad sa harapan ko at kung anu-anong pinagsasasabi sa akin na kesyo dapat daw magawa kong i-manage 'yung pagkukuha ng BP, and at the same time, pagsagot sa mga tawag dahil nagagawa mo daw 'yon kahit pa doble ang dami ng mga pasyenteng naroroon!" reklamo niya habang pagod na napaupo sa rattan na sofa. "Tapos ang dami-dami pang inutos, pinaghanap ako ng records ng kung

sinu-sino. Buti sana kung hindi siya masyadong nagmamadali. Eh, saksakan siya ng apurado!”

Napabuntong-hininga ang babae at nagpapaumanhing tumingin sa kanya. “Pagpasensyahan mo na si Dr. Villarama. Kung minsan talaga may topak ’yan, eh. Napaka-demanding kasi ng trabaho niya. Hindi lang siya basta isang doktor, nagsasanay siyang maging isang neurosurgeon. Kung minsan nga pumupunta ng clinic ’yan halos wala pang tulog dahil nag-opera sila ng team niya ng halos sampung oras.”

“Kahit na, hindi pa rin excuse iyon para umasta siya ng ganoon. Si Dr. Marquez, chief pa ng Neurosurgery pero hindi ko kinakitaan ni katiting na kasungitan,” patuloy pa ni Megan na sadyang kumukulo ang dugo sa residente.

“Iba-iba naman kasi ang tao. Saka isa pa matanda na si Dr. Marquez, beterano na ’yon kaya sanay na sanay na sa mga pressured situations. Eh, si Dr. Villarama, bata pa ’yon, nagsisimula pa lang kaya medyo madali pang madala ng mga pressures...” pilit pa rin nitong pagpapaintindi sa kanya sa ugali ng doktor. “Pero aminin mo, cute siya, hindi ba? Noong

una ngang kita ko d'yan akala ko si *Dao Ming Si ng Meteor Garden* ang kaharap ko. May resemblance kasi sila, maikli nga lang ang buhok ni Dr. Villarama.”

“Wala akong pakialam kahit si Tom Cruise pa ang kahawig niya, basta ang alam ko masama ang ugali niya!”

“Huwag mo naman kaagad husgahan 'yung tao. Baka nag-away sila ng girlfriend niya kaya ganyan siya. Impakta kasi 'yung Marinel na 'yon komo abogado akala mo kung sino na kung makaasta. Para bang pag-aari niya ang mundo.”

“Baka naman kasi nahawa na rin sa pagiging impakto niya kaya nagkaganoon,” balik ni Megan habang ipinapatong ang sumasakit na mga binti sa ibabaw ng mesa. “Grabe, ang hirap maghanap ng boarding house, nalibot ko na yata ang buong Recto, wala akong mahanap!” pag-iiba na niya ng usapan.

“Pasukan kasi ngayon kaya puno ang mga boarding houses,” saad ni Weng. “Ikaw naman kasi, sabi ko na ngang dito ka na lang sa akin ayaw mo pa.”

“Nakakahiya naman kasi talaga sa inyo ni Paulo, masyado na akong nagiging pabigat sa inyong dalawa,” ang napakamot-ulong nasabi ni Megan.

“Ano bang pabigat ang pinagsasasabi mo? Paulo and I both love having you here. Mabuti nga’t nandito ka at nang may nakakausap naman ako habang naghihintay sa asawa ko.”

“Don’t worry, bibisitahin pa rin kita. Sasamahan kita habang naghihintay ka kay Paulo,” pangako niya. “Pero kailangan ko talagang maghanap ng sarili kong lugar...”

“Okay fine, ikaw na ang bahala. Alam ko namang matigas ang ulo mo at hindi ka talaga magpapapilit, eh,” pagsuko na rin ni Weng. “Basta ha, aasahan ko ’yang pagbisita mo rito lagi.”

“Promise, dito ako didiretso kaagad pagkatapos ng trabaho ko...” ipinangako niya bago sila tuluyang kumain ng hapunan.

3

Kinabukasan, sa gitna ng pag-aasikaso sa mga records ng pasyente ay dumating ang kasalukuyang most hated person ni Megan na si Dr. Lucas Villarama.

“Nakuhanan mo na ba ng BP ang mga pasyente natin?” tanong nito nang tumapat sa harap ng kanyang mesa.

“Yes, Doc, nagawa ko na po,” ang confident niyang pagsagot kahit sa loob-loob ay irita siya sa lalaki.

“Kung ganoon, papuntahin mo na sila sa akin,” utos nito habang papasok sa loob ng maliit nitong silid dala ang mga nagkakapalang libro sa magkabilang kamay. Subalit bago pa man ito tuluyang makapasok ay muli siyang hinarap nito. “Ano ba ’tong mga nakaharang dito?” pagtukoy ng lalaki sa mga bag na nakalimutang alisin ni Megan sa tabi ng pintuan ng silid nito.

“Ay, pasensya na po, Doc, mga gamit ko po ’yan.” Dali-dali siyang tumayo mula sa kinauupuan at inalis ang mga nakaharang na bag na dinala niya roon para pagkatapos ng

trabaho ay didiretso na kaagad siya sa lugar sa Avenida na nai-text ng isang dati niyang kaklase na puwede niyang maupahan.

“Bakit nakakalat rito ang mga gamit mo?” ang masungit na itinanong ng lalaki.

“Pinalayas po kasi ako ng kasera ko noong isang araw dahil hindi ako nakabayad ng upa. Kaya po mamaya, eh, titingnan ko ’yung boarding house na sinasabi ng kaibigan ko sa Avenida na puwede kong upahan,” ang dire-diretso niyang paliwanag na madalas nangyayari kapag siya ay kinakabahan.

“Dito ka sa Makati nagtatrabaho tapos sa Avenida ka titira?” ang nagtatakang nasabi ng doktor habang inilalapag ang mga libro sa ibabaw ng mesa nito.

“Wala po akong magagawa, masyado po kasing mahal ang mga boarding house dito sa Makati, baka hindi ko po kayanin. Sa Manila lang po kasi ako makakahanap ng mga murang matitirahan,” paliwanag niyang muli.

“Ah I see,” ang tanging nasabi nito habang papaupo sa likod ng mesa. “Sige papuntahin mo na rito ’yung pasyente.”

Matapos ituro ni Megan ang pasyente patungo sa silid ng residente ay may isa namang nakapusturang babae na biglang pumasok sa loob ng clinic.

“Is Lucas here?” tanong nito sa kanya with an air of importance. Hindi na nag-isip pa si Megan kung sino ang babaeng kaharap. *Ito na nga siguro ang abogadang girlfriend ng Dr. Lucas Villarama na tinutukoy ni Weng.*

“Hello, Miss, ang sabi ko nand’yan ba si Dr. Lucas Villarama?” pag-uulit nito nang hindi siya kaagad nakasagot. “Ako ang girlfriend niya,” pagpapakilala nito na para bang may aagaw sa boyfriend.

“Ah, nasa loob po ng office niya, may pasyente lang pong tinitingnan,” paliwanag ni Megan.

“Well, can you please tell him that I am here,” mataray na utos nito.

Totoo nga ang sinabi ni Weng. Akala niya siguro kung sino siya, na pag-aari niya ang mundo kung makautos! ang nagtitimping isip ni Megan. “Sandali lang po, Ma’am, patatapusin ko lang po ’yung isang pasyente tapos sasabihin ko na po kaagad kay Doc na nandito kayo...” balik

niya rito.

Iritadong naupo ang abogada sa isang bakanteng upuan na malayo sa ibang pasyente habang ipinagpatuloy naman ni Megan ang kanyang gawain. “Yes, Ma’am, magpapatingin po kayo?” tanong niya sa isang matandang babae na may kasamang isang batang lalaki.

“Dito ba ang clinic ni Dr. Lucas Villarama?” tanong nito.

“Dito nga po. Sino po sila?” tanong ni Megan.

“Ako si Minda Rivera, pamangkin ko si Camille Rivera at ito naman si Jarred, ang anak nila at Dr. Lucas.”

“What?” bulalas ng abogadang girlfriend ng doktor na napatigil bigla sa pagkakalikot ng *iPhone* nito at napaharap sa mga nagpapakilala.

Dahil sa ingay na nilikha nito ay napalabas namang bigla si Dr. Lucas Villarama mula sa silid nito. “What’s happening here?” anito sabay harap sa nobya. “Honey, what is this?”

“Who is Camille Rivera, Lucas?” pagdemand nito.

“Oh, Camille... uhmm... she’s a former

nursing student who had their duty in this hospital. Why are you asking?” inosenteng sabi nito na walang kaide-ideya kung gaano kalaki ang problemang kinakaharap.

Subalit hindi na nagkaroon pa ng pagkakataon ang nobya nito na makasagot matapos sumingit ang matandang babae. “Ikaw pala si Dr. Lucas Villarama, ako si Minda Rivera, ang tiyahin ni Camille. Ito ang inyong anak ng aking pamangkin, si Jarred...”

Maputi na talaga ang balat ni Lucas, subalit noong mga sandaling iyon ay namutla ito na para bang binabad sa suka habang tulala lamang na napatingin sa bata.

“Kamamatay lang ni Camille noong isang buwan sa sakit na leukemia at kaya ako naririto ngayon ay para ibigay sa iyo si Jarred. Dahil ulila na si Camille, tanging ako na lang ang napag-iwanan sa bata. Hindi ko naman siya kayang buhayin pa kaya nagpunta ako rito ngayon, umaasa akong tatanggapin mo siya at bibigyan ng magandang buhay na kahit kailan ay hindi ko maibibigay sa kanya.”

Nananatili pa ring tulalang nakatayo si Lucas na ang pakiramdam noong mga sandaling iyon

ay nasa loob lamang ito ng isang masamang panaginip.

“Aren’t you going to say anything here, Lucas? Aren’t you even going to deny that this kid is yours?” demand ng girlfriend nitong si Marinel. “Or don’t tell me he’s really your kid...” ang halos manghinang sabi nito.

Doon na ito hinarap ni Lucas na hindi malaman ang tamang mga salitang dapat gamitin sa mga sandaling iyon. “M-Marinel... I...I-” Hindi na rin nito nagawang tapusin pa ang nais sabihin matapos galit na nag-walk-out ang girlfriend.

Hahabulin sana ni Lucas ang babae nang biglang maramdaman nito ang paghawak ni Jarred nang mapadaan sa kinalulugaran ng bata. “Ikaw po ba ang daddy ko? Doktor po ba ikaw? Alam mo po dream ko rin maging doktor!” ang magiliw na sinabi nito.

At muli ay natigilan si Lucas at napatitig lamang sa bata habang hindi malaman ang sasabihin o gagawin.

Aba, nai-speechless rin pala ang antipatikong ito, ang hindi makapaniwalang isip ni Megan na

sa kauna-unahang pagkakataon ay kinakitaan ng vulnerability ang kinaiinisang doktor.

Samantala, sa gitna ng pagkakapatda ni Dr. Villarama ay siya namang pagtunog ng cellphone nito. Diumano ay kailangan na nitong pumunta sa operating room dahil magsisimula na ang operasyon kung saan ay bahagi ito sa mga attending surgeons. “I... I have to go for a while,” ang absent-minded nitong saad sabay bitiw sa kamay ng bata at saka lumabas ng clinic.

Nakita ni Megan kung paano malungkot na napayuko ang paslit matapos bitiwang ng ama. Alam niya ang pakiramdam na iyon matapos talikuran rin ng sariling ama noong siya ay bata pa. “Huwag kang mag-alala, Jarred, nagmamadali lang kasi ang daddy mo ngayon dahil meron siyang operation pero babalik rin siya mamaya para makapag-usap kayo,” pang-amo niya rito matapos lapitan sa kinauupuan sa tabi ng lola nito.

Kahit paano ay nawala na rin ang kalungkutan ng bata at siya ay hinarap. “Ano’ng pangalan mo?” tanong nito.

“My name is Megan...” tugon niya. “At ako

ang sasama sa 'yo habang hinihintay mo ang pagbabalik ng daddy mo.”

Ilang sandali pa ay muling bumalik sa kanyang trabaho si Megan na dinala ang mga mangilan-ngilan na lamang ngayong pasyente sa nag-iisang doktor na naroroon na si Dr. Marquez. At nang makaalis na ang lahat, pati si Minda ay nagpapaalam na rin.

“Hindi n’yo na po ba hihintayin si Dr. Villarama?” ang naalarma niyang tanong dahil hindi pa lubusang nakakapag-usap ito at ang doktor ukol sa bata.

“Hindi na siguro, nasabi ko na naman sa 'yo ang mga detalye ng buhay ni Jarred at ng kanyang ina. Kaya kung puwede ikaw na lang ang magsabi sa kanya. Hindi ko na talaga siya mahihintay,” ang huling sinabi nito na hinalikan lamang ang bata at niyakap ng mahigpit saka nilisan ang clinic.

Left alone with Jarred and with the responsibility of relaying the details of the his and his mother’s life to the man she hated the most right now made her feel really awkward. Gayunpaman, alam niyang wala na rin siyang magagawa kundi harapin na lamang ang

kasalukuyang sitwasyon.

“Gusto mo bang kumain, Jarred?”

“O pare okay ka lang ba? Kanina ka pa parang wala sa sarili mo eh. Nakatulog ka ba kagabi o baka puro aral na naman ang inatupag mo?” tanong ng kaibigan ring surgeon ni Lucas na si Dr. Rogie na kanyang kasama sa team.

“Pare, naalala mo ba si Camille Rivera?” balik niya rito habang naghuhugas ng kamay at braso sa lababo.

“Yung student nurse na naghahabol sa ’yo noon?” pag-alala nito. “Bakit, hanggang ngayon ba hindi ka pa rin tinitigilan ng babaeng ’yon?”

“She’s dead, pare, dahil sa leukemia,” pag-i-inform niya.

“Oh, ganoon ba...” ang biglang natigilang nasabi ni Rogie na hindi maiwasang makonsensya sa mga naunang salitang binitiwang. “Paano mo nalaman?”

“Kanina pumunta sa clinic ’yung Tita niya kasama ang anak daw namin.”

“Anak ninyo? I didn’t know that something

was happening between you and that girl,” ang talaga namang nabiglang nasabi nito na napatigil pa sa paghuhugas ng kamay at napaharap sa kanya.

“There was a couple of times, but there was never any commitment and she knew that,” paglalahad ni Lucas na nagpupunas na ngayon ng paper towel sa basang kamay.

“Pero nagbunga pa rin ang nangyari sa inyo,” saad ni Rogie na natapos na rin sa paghuhugas ng kamay at kasama na niyang naglalakad ngayon patungo sa Doctors’ Quarters. “Nasaan na ang bata ngayon?”

“Nandoon sa clinic, naghihintay sa akin kasama ng Tita ni Camille,” tugon nito. “Honestly, pare, I am not comfortable with this situation,” pag-amin ng twenty-seven-year-old Medicine graduate.

“Bakit, sino ba naman ang magiging komportable sa sitwasyong ’to? Imagine, you are living this perfect bachelor life with a promising career and a beautiful girlfriend, and the next thing you knew you had a child pala. That certainly is never easy to accept!” napapailing na anito. “Kung gusto mo talagang

makasiguro at para maalis na 'yang mga duda sa isip mo, magpa-paternity test kayo."

"Naisip ko na iyan. Pero may isa pang gumugulo sa isip ko ngayon, si Marinel," pag-amin niya habang binubuksan ang kanyang locker. "Nandoon siya nang dumating ang tita ni Camille at 'yung bata, she heard everything."

"Ano'ng ginawa niya? How did she take things?" naiintrigang tanong ni Rogie na siya ring nagbubukas ng sarili nitong locker.

"She walked out on me," sagot ni Lucas. "Hindi ko alam kung paano ko ipaliliwanag sa kanya ang lahat," ang gulong-gulong nasabi niya habang umuupo sa bench.

"Noong may namamagitan sa inyo ni Camille, wala pa si Marinel sa buhay mo, diba?"

"But still, mayroon akong anak, that's certainly not easy for her to just accept."

"Bigyan mo muna ng time si Marinel na pag-isipan ang lahat."

"Hindi ko talaga alam ang gagawin ko, pare, kapag nawala sa buhay ko si Marinel. She's the only one I've got," ang sentimental na ipinagtapat ni Lucas na nakakaramdam na ng

pangamba sa kanyang puso.

“If the paternity results confirm that the child is yours, Marinel won’t be the only one in your life. You will have a son, your own flesh and blood. And I’m telling you, you won’t have to feel alone again,” malalim na bitaw ni Rogie na isa na ring bagong ama.

Ngunit hindi pa talaga tumatama kay Lucas ang lukso ng dugo. Ang totoo, malaking parte ng kanyang sarili ang nagde-deny na sa kanya nga talaga ang bata. “Hindi ko alam kung handa na ba akong maging ama at this time of my life...” pagtatapat niya.

“Nand’yan na ’yan, pare, wala ka nang panahon para maghanda.”

“Sana nga ganyan lang kadali ang lahat,” ang napabuntong-hiningang aniya. “Sana nga...”

“Jarred, inom ka muna nitong juice mo.” Iniabot niya sa bata ang tetrapack ng juice matapos niyang pakainin ito sa cafeteria ng ospital.

Habang inaasikaso ang bata ay siya namang pagpasok ng ama nito sa loob ng clinic na

hinahanap ang tita ni Camille.

“Kailangan na raw po niyang umalis, hindi ko naman po mapigilan,” tugon ni Megan.

“What? Pero marami pa kaming kailangang pag-usapan!” bulalas ni Dr. Villarama.

“Ang sabi po niya, ako na lang ang magsabi sa inyo ukol kay Jarred at sa mommy nito,” ang may pagkataranta niyang balik na nangangamba sa magiging reaksyon ng parating high blood na doktor.

Ngunit imbes na ang ine-expect niyang outburst na masasaksihan mula rito, ang nakuha niya ay isang kontroladong tugon. “Ano daw ba ang mga dapat kong malaman?” tanog nito nang makaupo sa couch sa reception area habang nakaharap sa mesang kinauupuan ni Megan.

Hindi talaga komportable si Megan sa kanyang posisyon pero inisip niya na lamang na si Jarred rin naman ang magbe-benefit sa gagawin. Kailangan niyang ipaintindi sa ama nito ang lahat upang ito ay matanggap at hindi na lumaking sabik sa pagkalinga ng isang ama.

“Ang sabi ni Aling Minda sinubukan daw

ipaalam ni Camille sa 'yo ang tungkol sa pagbubuntis niya noon kay Jarred, kaya lang daw hindi ka na mahagilap.”

“That must be the time that I was in the States for my training,” ang na-realize ni Lucas.

“Hindi na daw siya nagpumilit na ipaalam pa sa 'yo ang tungkol kay Jarred dahil natatakot siyang hindi mo rin kilalanin ang anak ninyo dahil alam niyang wala kayong commitment sa isa't isa,” patuloy pa ni Megan.

“Kahit naman wala kaming commitment sa isa't isa, hindi naman ako ang tipo na tatakas sa responsibilidad ko eh,” defensive na sabi ng binatang ama na napatingin sa anak na tahimik na umiinom ng juice nito sa tapat ng mesa ni Megan. “She should have informed me about this then.”

“Kahit naman po ano pa'ng pilit ninyo ay hindi n'yo na maibabalik pa ang kahapon. Ang magagawa na lang ngayon ay ilagay sa tama ang lahat at ibigay kay Jarred ang pagmamahal at pagkalinga ng isang ama, na hindi niya naranasan sa loob ng limang taon na nagkawalay kayo sa isa't isa,” ang hindi niya namamalayang pagbibigay rito ng payo

na kaagad rin naman niyang binawi matapos ma-realize na baka nagiging pakialamera na ang kanyang dating. “I’m sorry, hindi dapat ako nagsasalita ng ganito, wala ako sa lugar... hindi ko po sinasadya.”

To her immense surprise, imbes na kaantipatikuhang mga salita ang ibalik sa kanya ni Dr. Lucas, the guy seemed to have taken her advice. “Tama ka, nandito na ito eh, kailangan ko na lang matutunan kung paano ang tamang pag-handle ng lahat,” saad nito nang biglang pasukan ng ideya ang isipan. “Hindi ba kanina nasabi mo na kailangan mo pang umupa sa Avenida dahil doon lang ang kaya mo?”

“Opo,” tugon ni Megan na nagtataka kung paano napuntang bigla sa kanya ang usapan. “Bakit po?”

“What do you say if I offer you a job to look after Jarred? Susuwelduhan kita at patitirahin sa bahay ko kaya hindi mo na kailangan pang mag-board sa Avenida,” pag-o-offer nito.

“Patitirahin mo ’ko sa bahay mo?” Para yatang hindi siya komportable sa ideya.

“Bakit naman parang takot na takot ka d’yan?” puna ni Dr. Lucas nang halos mamilog ang kanyang mga mata. “Huwag kang mag-alala, hindi kita re-rape-in. Hindi ko tipo ang mga katulad mo.”

Napaingos si Megan sa narinig.

“So what now? Are you going to take it?”

“Bakit, wala ka bang maid sa bahay n’yo na puwedeng mag-alaga kay Jarred?”

“Wala akong maid. I live alone at hindi ko naman puwedeng makuha ’yung isa sa mga maids sa bahay ng parents ko dahil siguradong makakarating sa kanila ang tungkol kay Jarred. And that’s something I am trying to avoid until... until I am sure of everything.”

“What do you mean you’re sure of everything?”

“Jarred and I are going to take the paternity test, it’s a practical procedure to determine whether... he really is my son,” ang maingat na paliwanag nito.

Ah, so nagdududa pa rin pala siyang anak niya ang batang ito. Hindi kaya niya nakikita na para silang pinagbiyak na bunga? ang dismayadong isip niya na mas lalo pang nanaig ngayon ang

awa sa bata.

“I will match the salary you’re receiving here and at the same time malaya ka pa ring makakapagtrabaho dito. You don’t need to do household chores, you just need to look after Jarred, iyon lang ang magiging trabaho mo. Ano sa tingin mo?” ang pagpapaganda pa ni Dr. Lucas sa offer na nasisiguro nitong hindi na matatanggihan pa ng sekretarya.

“Tatanggapin ko ’yang offer mo hindi dahil sa laki ng ipapasuweldo mo sa akin o sa libreng tirahan na ipo-provide mo. Gagawin ko po ito para kay Jarred. Alam kong nahihirapan pa rin siya sa pagkawala ng kanyang ina at dahil sa wala namang ibang tao pa na handang magmalasakit sa kanya, siguro sa sarili kong paraan ay magagawa ko siyang tulungan dahil alam ko ang pinagdaraan niya.”

Napatungo si Dr. Lucas Villarama na tila ina-absorb ang kanyang mga binitiwang salita. “Okay, if that’s the case, then you can come home with me tonight.”

“Okay,” ang tanging naibalik ni Megan na sinisimulan nang pasukan ng mga isipin ukol sa magiging buhay kasama ang pinakakinaasaran

niyang tao ngayon.

“This is where I live,” pagdedeklara ng doktor nang makarating na sila sa tinutuluyan nitong townhomes na located rin sa Makati.

“Wow, may swimming pool!” ang manghang-manghang sabi ni Jarred na napatakbo patungo sa gilid ng pool na nasa gitna ng nakapalibot na mga bahay.

“Megan, hawakan mo siya baka mamaya malaglag pa ’yan,” ang istriktong utos ng doktor.

“Gusto kong mag-swimming, Ate Megan,” pagyayaya ng bata nang lapitan ito at sinubukang kuhanin ni Megan.

“Hindi bale, bukas magsi-swimming tayo,” pangako niya habang dinadala ito patungo sa pinuntahan ni Dr. Lucas na bahay na may numerong 4.

“Ito ang bahay ko.”

Sa ayos pa lamang ng mga muebles at iba pang kagamitan sa loob ay nakikita na kaagad ni Megan ang personalidad nitong may pagka-

obsessive compulsive. Everything was perfectly arranged, no furniture was out of place and all of his medical books were even fixed alphabetically inside a cabinet at the corner of the living room.

“Ito ang magiging kuwarto mo, Megan.” Binuksan nito ang isa sa dalawang kuwarto na naroroon. “Malaki naman ang kama, so puwede kayong magtabi ni Jarred.”

Talagang wala siyang balak na mapalapit sa anak niya, pati sa pagtulog ayaw niyang tabihan, isip ni Megan habang sinu-survey ang loob ng may kalakihan ring kuwarto.

“And this is my room,” pagtuturo nito sa katapat nilang pintuan na hindi na rin nito binuksan.

Buti na lang kasama ko si Jarred sa kuwarto, siguradong wala siyang masamang puwedeng magawa sa akin, ang na-realize niya matapos malamang kakaunting hakbang lamang ang naghiiwalay sa kanilang mga silid.

“And here’s the kitchen, dining area, at ’yung pintuan ay ang bathroom. But I don’t use it since I have my own inside my room...” patuloy

pang pagtu-tour sa kanila nito sa buong bahay, “so, any questions?” he asked in that formal manner that he usually exhibits in front of his patients.

“Puwede ba ’kong mag-swimming ngayon, Daddy?” ang umaasang tanong ni Jarred.

“Bukas na lang, Jarred, gabi na ngayon, mag-rest ka na lang muna...” pagsagot ni Dr. Lucas sa anak na napaka-distant pa rin talaga ng approach. “Ikaw, Megan, may tanong ka ba?”

“Ah... wala na po, Doc,” tugon niya habang hawak sa balikat si Jarred.

“Kung ganoon, kumain na kayo ng dinner ninyo. May mga pagkain sa ref, magluto na lang kayo kung ano’ng gusto ninyo,” bitiw nito na para bang nagbibigay ng order sa staff.

“Eh, kayo po ano po ba ang gusto n’yong dinner?” tanong ni Megan.

“Hindi na ako kakain, busog pa ako, kayo na lang ang kumain,” tugon nito sabay sinimulang buksan ang pinto ng kuwarto. “Sige magpapahinga na ’ko.”

Paano kaya kung hindi ako pumayag na maging tagapag-alaga ni Jarred, ano na lang kaya ang

mangyayari sa batang ito? Ni walang kapaki-pakialam ang tatay niya sa kanya! ang napapailing na nasabi ni Megan habang nakatitig sa batang sing-chinito rin ng ama nito. “Tara, Jarred ,samahan mo akong mag-prepare ng dinner natin.”

Matapos patulugin si Jarred ay sa wakas nakakuha rin ng pagkakaton si Megan na mag-focus naman sa kanyang pagre-review para sa board exam. Subalit binubuksan pa lamang niya ang libro ay nararamdaman na kaagad niya ang pagbigat ng kanyang mga mata na nagbabadya nang magsara.

“Kaya mo ’yan, Megan, huwag kang susuko!” panggigising niya sa sarili habang nag-i-stretching para gisingin ang pagod niyang diwa.

Naging epektibo naman ang ginawa sa loob ng beinte minutos pero pagkatapos niyon ay muling bumalik na naman ang kanyang antok. “This calls for some coffee,” ang nasabi niya na napatayo na mula sa kama.

Still reading her book on the way to the

kitchen, nagtimpla siya ng kape habang patuloy na nakatuon ang mga mata sa binabasa. Alam niyang wala siyang panahong maaaring sayangin kaya sinusulit niya ang bawat free time na mayroon siya upang itanim sa isipan ang mga leksyon sa kursong kinuha.

“Ano ba ’yang binabasa mo at hindi mo magawang ipuknat ’yang mga mata mo d’yan?”

Halos mapatalon si Megan nang marinig ang tinig mula sa madilim na sala. Nang lumabas siya kanina dahil sa labis na pagkakatutok sa pinag-aaralan ay hindi niya namalayan na naroroon pala si Lucas.

“Uhhh... nagre-review po ako for the board exams,” tugon niya na papasok na sana noon sa silid nila ni Jarred.

“Board exams for what?” curious na tanong ng doktor.

Dahil tila marami pang katanungan ay nagpasya na rin si Megan na saluhan ang lalaki sa sala. Naisip niyang baka sakaling magising siya sa sandaling pakikipag-usap rito.

“For nursing, kukuha kasi ako ng board this coming December,” paliwanag niya habang

ibinababa ang tasa ng kape sa ibabaw ng mesa at naupo sa tapat nito.

“Oh, so, nursing graduate ka pala,” nasorpresang sabi nito. “Eh, bakit ka nagsesekretarya sa clinic?”

“Wala pa naman kasing ospital na pupuwedeng tumanggap sa akin dahil hindi pa ako lisensyado eh,” tugon niya.

“Hindi ba puwede ka namang mag-volunteer sa mga provinces? You know, for experience, that could help you a lot in your profession someday,” dagdag pang pahayag nito.

“Gusto ko man ang mag-volunteer ay hindi naman iyon posible sa kalagayan ng buhay ko ngayon. Kailangan kong kumita ng pera para maka-survive ako sa pang-araw-araw kong pangangailangan at para makapag-ipon na rin para sa mga kailangan kong gastusin kapag nag-apply na ako for abroad.”

“Ah, isa ka pala sa mga libo-libong Pinoy na kumukuha ng Nursing para makaalis ng Pilipinas at kumita ng dolyar sa land of milk and honey,” ang napapailing na nasabi ng doktor na halatang di pabor sa ganoong klase

ng pag-iisip ng mga kasamahan sa medical field.

“Sa hirap ba naman ng buhay dito sa Pilipinas, masisisi mo ba naman kami kung naisin man naming makipagsapalaran sa ibang bayan? Palibhasa kayong mga nagdodoktor mayayaman na kayo, hindi na issue sa inyo ang kikitain. Mag-stay man kayo rito sa Pilipinas, mabubuhay pa rin kayo,” balik ni Megan na hindi maiwasang maapektuhan sa naging pananalita nito.

“I didn’t mean anything with what I’ve said, pasensya na,” ang kaagad namang paghingi ng paumanhin nito matapos ma-sense na naka-strike ito ng raw nerve sa dalaga. “It’s just that nakakalungkot lang na unti-unti nang nawawala ang magagaling na medical professionals dito sa bansa dahil nag-aalisan na ang lahat. Kahit kapwa ko doktor ngayon nagnu-nurse na makaalis lang ng Pilipinas. Nakakatakot lang na balang araw, wala ng matitirang manggagamot dito sa atin.”

“Kung maayos lang ba ang buhay dito bakit ba mag-aalisan pa ang mga Pilipino. Hindi yata madali na mawalay sa mga mahal sa buhay.

Pero sa kaso ko since wala na rin naman ang nanay ko, wala na rin naman akong mahal sa buhay na maiiwan dito.”

That statement got Lucas curious. “Bakit, nasaan ba ang daddy mo?”

“Nasa Amerika siya, iniwan niya kami ng mama ko noong two years old pa lang ako at magmula noon hindi na siya nagparamdam muli. Sa totoo lang, siya ang isa sa mga rason kung bakit ko gustong makarating ng Amerika eh. Gusto ko siyang makita,” pahayag niya.

“Wait, parang naguluhan ako d’on, ah. Hindi ba ang sabi mo iniwan na niya kayo at hindi na siya nagparamdam since you were two and yet you still want to see him?” ang paghingi nito ng paglilinaw matapos inumin ang natitirang brandy sa basong hawak.

“Oo, alam ko dapat magdamdam o magalit ako sa kanya pero naniniwala kasi ako na mayroon siguro siyang mabigat na rason kung bakit niya nagawa sa amin ni Mama ’yon. At saka bali-baliktarin man natin ang mundo, ama ko pa rin siya, kadugo ko pa rin siya kaya importante para sa akin na makilala ko siya. Iyon ang bubuo sa pagkatao ko.”

“Naiintindihan ko na kung bakit ganoon na lang ang malasakit na ipinapakita mo kay Jarred dahil nakikita mo ang sarili mo sa kanya,” anito na tila nakikita ang dalaga in a whole new light.

“Kung magagawa kong pasiyahin at pagaanin ang buhay ng isang batang katulad ni Jarred ay napakalaking bagay na n'on para sa akin. Ang hirap lumaki na hindi kumpleto ang mga magulang. Kung tutuusin, mas mahirap pa nga ang kalagayan sa akin ni Jarred dahil maagang kinuha sa kanya ang ina niya. Ako, mas mapalad pa rin dahil matagal-tagal ko ring nakasama ang mama ko at siya ang nasa tabi ko habang lumalaki ako. Kaya ikaw na lang ang tanging maaasahan ng anak mo na gagabay at magmamahal sa kanya. Please, Doc, huwag n'yo naman pong ipagkait sa kanya iyon.”

Doon na nakaramdam ng pagkailang ang binata. Sadyang hindi pa rin madali para rito na harapin ang katotohanan ng tungkol sa kaugnayan nito at ng bata, at mukhang hindi pa ito handang pag-usapan iyon. “So, bukod sa wala ka nang magulang na maiiwan rito, wala ka bang special someone na maiiwan mo kapag nagpunta ka ng Amerika?”

“Wala. Walang ganyang klaseng tao sa buhay ko,” pagkumpirma ni Megan sabay inom ng kape.

“Bakit? Ilang taon ka na ba at wala ka pang boyfriend?” ang naintrigang tanong ng doktor.

“Twenty-three...”

“Pero siguro naman nagkaroon ka na ng boyfriend noon?”

“Never, kahit kailan hindi pa,” saad niya na kahit paano ay nasasanay na rin sa tuwing makakakuha ng ganoong klase ng tanong.

“So, ang ibig sabihin virgin ka pa hanggang ngayon.”

Hindi iyon ang ine-expect ni Megan. “What? Tama bang i-raise mo ang ganyang klaseng tanong sa 'kin?” balik niya, ramdam niyang nag-init ang kanyang mga pisngi.

“Oh, come on, Megan. We are both in the medical world, normal na dapat sa atin na pinag-uusapan ang ganitong bagay. You'll gonna be a nurse soon, hindi ka na dapat masyadong sensitive when it comes to matters about sex. Ituturo mo iyan sa mga pasyente mo when you discuss family planning,” praktikal

na saad nito.

“I know, Doc, it’s just that sa tingin ko hindi pa rin proper na tinatanong iyon ng isang lalaki sa isang babae. It’s not being a gentleman,” ang mariing binitiwang naman ni Megan.

“I’m sorry, I didn’t mean na bastusin ka, wala naman talaga akong ibig sabihin d’on,” napakibit-balikat lamang na nasabi ni Lucas na hindi pa rin lubusang matanggap na mayroong mali sa sinabi.

“Okay, apology accepted,” sarkastikong bitaw niya. Tumayo na siya mula sa kinuupuang leather seat at binuhat ang libro at tasa ng kape. “Sige po, maiwan na kita, marami pa akong kailangang i-review.”

As she was walking, she heard him speak. “Huwag kang masyadong magpuyat, baka mamatay ang mga brain cells mo. And stop the ‘po’ thing.”

Hindi na piniling sumagot pa ni Megan na dire-diretso na lamang na binuksan ang pinto at tinabihan sa kama ang himbing-himbing na si Jarred. Nais pa sana niyang mag-review pero naalarma siya sa sinabi ng doktor na baka

Dapat Ka bang Mahalin? by Terri Dizon

mamatay nga ang kanyang brain cells.

Mahirap na, baka bumagsak pa ako sa board exams, isip niya.

Habang naghahanda siya sa pagtulog ay napatingin siya sa batang katabi at sinimulang himasin ang buhok nito. *Ano bang kamalasan ang sinapit mo Jarred at nagkaroon ka ng isang ama na katulad ng Lucas Villarama na 'yon?*